

Q&A Para sa Bagong Regulasyon sa Akademiko

Q. Bakit binago ito at ginawang tatlong semestre na sistema?

A. Dahil ang school year ay tumutukoy sa mga bakasyon gaya ng tag-init at iba pang mga pahinga sa buong taon, ang bagong 3-term school year ay mailalarawan sa report card. Mabibigyan din ang mga estudyante ng mas maraming oras upang balikan ang mga napag-aralan at pagtuunan ng pansin ang kanilang takdang aralin at mga layunin.

Q. Paano ang epekto nito sa bilang ng mga araw sa pagpasok sa paaralan?

A. Ang kasalukuyang tinatayang 200 araw ng pagpasok sa paaralan ay hindi magbabago. Patuloy kaming mag-iisip ng mga hakbang upang ma-secure ang bilang ng mga kalse, tulad ng pagsuri sa oras at nilalaman ng mga kaganapan sa paaralan.

Q. Paano ito makakaapekto sa iskedyul ng mga kaganapan ng paaralan sa isang taon?

A. Ang mga iskedyul para sa mga aktibidad na pinlano ng Board of Education ay kasalukuyang tinatalakay. Mangyaring suriin ang mga newsletter ng bawat paaralan, atbp., para sa mga kaganapan sa paaralan.

Paglikha ng bagong 3-term school year

2016	Pagtatag ng "School term evaluation at inspection committee" * Pagsisimula ng pagsusuri sa 2-term school year sa pamamagitan ng questionnaire survey.
2017	Pagtatag ng "School term inspection committee" * Pagsisimula ng pagsusuri sa 3-term school year.
2018	Pagsusuri para sa mga aktibidad na isponsor ng Board of Education.
2019	Pamamahagi ng leaflet para sa mga magulang sa lahat ng elementarya at junior high school PTA meeting.
2020	Ang 3-term school year ay ipapatupad sa lahat ng elementarya at junior high school sa Toyohashi.

Ang bagong pamamaraan sa pagtuturo ay ganap na ipapatupad mula sa taong 2020

Ang bagong 3-term school year ay ipapatupad sa elementarya simula sa taong 2020 at sa 2021 naman ipapatupad sa junior high school. Ang bagong pamamaraan sa pag-aaral ay ganap na maipapatupad.

Ang pagbabagong ito, kasama ang pagpapaunlad ng kakayahan ng estudyante na isipin, pag-aralan at ipahayag ang kanilang sarili ay gagamitin upang mapabuti ang moral na edukasyon, edukasyon sa wikang banyaga at iba pa. Bukod pa rito, patataginan natin ang isang balanseng paraan ng pamumuhay, kaaalaman, kabutihan at katawan, sa pakikipagtulungan at kooperasyon ng paaralan, pamilya at lokal na komunidad.

<Para sa inyong mga katanungan tumawag sa>

Toyohashi Board of Education
School Education Department

440-8501 Toyohashi-shi Imahashi-cho 1

☎ (0532) 51-2826

Fax (0532) 56-5104

E-mail: gakkoukyoiku@city.toyohashi.lg.jp

タガログ語

Bagong "3 Semester System" na Binibigyang Diin ang
「Yugto ng Pag-aaral」 (Bagong bersyon para sa Junior High School)



Magsisimula sa Abril 2020 !

Toyohashi City Board of Education

Ang Bagong 「3 Semester System」 na Binibigyang Diin ang 「Yugto ng Pag-aaral」 ay Magsisimula sa Taong 2020 !

タガログ語

Ang “Yugto ng Pag-aaral” ay naglalarawan ng mga layunin sa mga baitang na tatahakin ng mga bata sa loob ng paaralan

(Bagong bersyon para sa Junior High School)

Ang Report Card ay magbabago !

※Ang ② ay naiiba sa elementarya.

Ang pag-evaluate ng Report Card ay tatlong beses sa isang taon at ang evaluation na ito ay mahahati sa mga semester gaya ng mga sumusunod.

- ① Unang Semestre...katayuan ng pag-aaral mula Abril~Hulyo.
- ② Katapusan ng Pangalawang Semestre...katayuan ng pag-aaral mula Abril ~Disyembre
- ③ Huling Report Card sa katapusan ng taon...katayuan ng pag-aaral sa buong taon at ipapaalam sa “written report” ang comprehensive findings kasama ang kalagayan sa loob ng paaralan pati na rin ang pagsusuri para sa paksang Moral Educ.

Ang mga tradisyunal na aktibidad ng paaralan ay magpapatuloy !

Upang mapanatili ang balanse sa pagitan ng oras ng klase at team-building, ang mga aktibidad na naganap sa paaralan sa dalawang termino na sistema ay magpapatuloy gaya ng dati. Layunin namin na itaguyod ang pag-unlad ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa mga aktibidad sa lokal na komunidad at pakikipag-ugnayan sa iba.

